MGA TUNTUNIN AT MGA RESPONSIBILIDAD NG LAGUNA HONDA

Ang layunin ng Laguna Honda ay tulungan ang bawat taong mahalaga sa amin na makamit ang pinakamataas na antas ng kalayaan sa pamamagitan ng pagpapanatili ng isang gumagamot na kapaligiran. Prayoridad namin ang iyong mga pangangailangan at kagustuhan. Para tulungang gawing matagumpay ang iyong pananatili sa ospital, hinihiling namin sa iyong sundin ang mga tuntunin at responsibilidad na ito:

1. MGA ORAS NG PAGBISITA. Hinihikayat namin ang iyong patuloy na paglahok sa sumusuportang mga komunidad na bumubuo sa iyong buhay. Malugod na tinatanggap ang iyong pamilya at mga kaibigan upang bisitahin ka sa Laguna Honda. Ang aming inirerekomendang mga oras ng pagbisita ay mula 10:00 am - 9:00 pm araw-araw. Hinihiling namin sa mga bisita na magbigay ng maagang abiso para maiakma ang mga pagbisita sa iyong iskedyul, rehabilitasyon at mga klinikal na appointment, at iba pang mga aktibidad sa ospital. Kailangang mag-sign in ang mga bisita sa lobby information desk at sa nursing station sa iyong lugar para sa pangangalaga.

2. HUMILING NG MGA PASS 14 NA ARAW PAGKATAPOS IPASOK SA OSPITAL. Kapag ipinasok ka na, kukumpletuhin namin ang isang komprehensibong pagsusuri ng paggamot sa iyo at mga pangyayari sa buhay at sasabihin sa iyo ang tungkol sa setting ng Laguna Honda. Sa dalawang linggong prosesong ito, hinihiling namin na manatili ka sa ospital. Kasunod nito, dapat kumuha ng mga pass upang umalis sa campus sa pamamagitan ng utos ng iyong doktor.

3. MAG-SIGN AT MAG-SIGN OUT SA LUGAR SA NURSING STATION sa iyong lugar sa pangangalaga kapag umalis sa gusali.

4. PAGLABAS MULA SA LAGUNA HONDA. Hinihiling naming makipagtulungan ka sa iyong team sa pangangalaga tungkol sa isang malinaw na plano para sa paglabas na sumusuporta sa iyong pinakamataas na antas ng kalayaan. Ang pagtatakda ng layunin sa iyong team sa pangangalaga para isama sa komunidad ay nagsisimula sa iyong pagpasok sa ospital.

5. PAGLAHOK SA PROGRAMA NG REHABILITASYON. Kung naka-enroll ka sa programa ng rehabilitasyon, kailangan mong dumalo at lumahok sa iyong mga nakatakdang therapy. Ginaganap ang mga sesyon nang Lunes hanggang Linggo mula 8:00 am hanggang 4:00 pm. Ihahanda ka ng iyong team

sa pangangalaga para sa paglabas kapag nakamit na ang iyong mga layunin sa rehabilitasyon, naabot na ng iyong progreso ang matatag na antas, o ang isang alternatibong setting ng komunidad ay sapat upang matugunan ang iyong mga pangangailangan sa therapy.

6. MGA IPINAGBABAWAL NA AKTIBIDAD NA MAAARING MAGRESULTA SA PAGPAPALABAS SA IYO - ANG HINDI PINAHIHINTULUTANG PAGGAMIT O PAGKAKAROON NG ALAK, LABAG SA BATAS NA MGA DROGA AT/O MGA KAGAMITAN PARA SA DROGA ay ipinagbabawal. Kung mayroon kang kasaysayan ng hindi ligtas na paggamit ng droga o alak, upang matiyak ang iyong kaligtasan at ang kaligtasan ng iba, maaaring hilingin sa iyo ng iyong team sa pangangalaga na ikaw ay (a) lumahok sa isang programa ng paggamot sa pang-aabuso sa droga o alak; (b) lumahok sa random na pagsusuri para malaman ang lason o ibang kemikal sa ihi; (c) palaging patingnan ang iyong mga gamit; at/o (d) makipagtulugan sa iyong team sa pangangalaga upang bumuo ng kasunduan sa pamamahala ng gawi.
7. ANG PAGBEBENTA O PAKIKIPAGPALITAN NG ILEGAL AT NAKAKASAMANG MGA BAGAY, tulad ng alak, mga sigarilyo at mga sandata ay lumalabag sa patakaran ng ospital.
8. ANG BERBAL O PISIKAL NA MGA GAWI NG PAGIGING MARAHAS ay hindi pinapayagan.
9. PERSONAL NA PAG-AARI. Ang mga residente ay maaaring magkaroon ng mga gamit sa Laguna Honda ayon sa pinahihintulutan ng lugar, at mga pagsasaalang-alang sa kalusugan at kaligtasan. Ang Laguna Honda ay nagbibigay ng aparador na mayroong 3 drawer, lalagyan ng damit at nightstand para paglagyan ng mga personal na gamit. Ang isang drawer ng nightstand ay nala-lock upang maprotektahan ang mga mahalagang gamit, bagaman sa lawak na maaari, hindi dapat itago sa ospital ang mga mahalagang gamit upang mabawasan ang pagnanakaw at pagkawala ng mga gamit. Gayunpaman, ang Laguna Honda ay hindi nagbibigay ng paglalagyan. Kapag pinalabas ka na ng ospital, kailangan mong dalhin ang iyong personal na pag-aari o kaya ay itapon ito.
10. Ang MGA PERSONAL NA SASAKYAN ay hindi maaaring tanggapin sa Laguna Honda; hindi pinahihintulutan ang pagpaparada sa labas para sa personal na sasakyan ng residente, kabilang ang ngunit hindi limitado sa: mga sasakyan, motorsiklo, bisikleta, o anumang ibang de-motor na sasakyan.
11. Dapat paandarin nang ligtas ang MGA WHEELCHAIR. Ang mga occupational therapist ay maaaring suriin at makipagtulungan sa residente, hal., limitahan ang bilis ng electric na wheelchair, magsanay sa mga pamamaraan ng pagmamaneho, paglalagay sa posisyon, atbp.
12. CAMPUS NA WALANG NANINIGARILYO. Ang Laguna Honda ay isang itinalagang campus na “walang naninigarilyo.” Sa pagpiling ipasok sa Laguna Honda, sumasang-ayon kang sundin ang patakaran ng Laguna Honda tungkol sa hindi paninigarilyo, na kinabibilangan ng mga sumusunod na pangako:

a. Iwasan ang paninigarilyo; at

b. Kung lalabagin ang patakaran ng Laguna Honda bilang walang naninigarilyo, makikipagtuluungan ka sa aking team sa pangangalaga nang may mabuting hangarin upang bumuo ng (mga) panghihimasok upang tumulong sa pagsunod sa patakaran. Ang mga panghihimasok na bubuuin ay maaaring kabilangan ng (a) pangungumpiska ng mga materyales para sa paninigarilyo na mayroon ako; at/o (b) ang pagpapalabas sa akin mula sa Laguna Honda.

13. TAHIMIK NA ORAS. Karamihan sa mga residente ng Laguna Honda ay tulog sa pagitan ng 10:00 pm hanggang 7:30 am. Upang itaguyod ang mapayapang pagtulog, sa mga oras na iyon, hinihiling namin sa iyong panatilihing mahina ang mga ilaw at huwag masyadong maingay.

14. PAGGAMIT NG TELEBISYON. Ang isang telebisyon na mayroong nakakabit na headphone jack para kontrolin ang ingay ay nakakabit sa bawat gilid ng kama. Mangyaring gamitin ang speaker o headphone sa unan upang maiwasang maistorbo ang iba pang mga residente. Ang mga telebisyon sa sala ay para sa panonood ng grupo at hindi kinakailangang gumamit ng headphone.

15. MGA TELEPONO. Mayroon kang magagamit na mga telepono sa bawat lugar. Hinihikayat naming panatilihin ang mga tawag sa makatwirang haba para maibahagi ang telepono sa iba pang mga residente.

16. PAGLIPAT NG LUGAR SA LAGUNA HONDA. Upang bigyan ka ng pinaka-naaangkop na pangangalaga sa iyong pananatili, maaari kang ilipat mula sa isang lugar, sambahayan, o isa pang kwarto. Kung kinakailangan ng paglipat ng lugar, ang team sa pangangalaga ay magbibigay sa iyo o sa iyong kinatawan ng paunang abiso, at sasabihin sa iyo ang tungkol sa bagong lokasyon at ipakikilala ka sa sinumang mga kasama sa kwarto.

Nabasa ko at nauunawaan ang mga nilalaman ng Mga Tuntunin at Mga Responsibilidad ng Laguna Honda. Kung mayroon akong anumang mga tanong, nauunawaan kong maaari kong kausapin ang aking team sa pangangalaga.

Nakasulat na Pangalan ng Aplikante o Legal na Kinatawan: **Petsa**

Nakasulat na Pangalan ng Kinatawan ng Pasilidad:

Petsa

Nakasulat na Pangalang ng Saksi (Pangalawang saksi kung walang pirma ng residente/kinatawan):

Petsa